Ⅷ-5 Pensyon

Ang mga taong mahigit sa 20 taong gulang hanggang 60 taong gulang na naninirahan sa bansang Hapon, maging mga dayuhan man ay kailangang maging kasapi ng National Pension Fund at Insyurans. May dalawang uri ang National Pension Fund tulad ng pensiyon para sa mga empleyado (Kousei nenkin) at pensiyon para sa mamamayan (Kokumin nenkin).

1. Pensiyon para sa mga Empleyado

Para sa isang kumpanyang may mahigit sa limang manggagawa na 20 taong gulang pataas ay kailangang maging kasapi ng Pensiyon para sa mga Empleyado (Kousei nenkin). Maging ang mga part-timer ay maaaring maging kasapi nito kung umaabot sa 75% ang araw ng kanilang pagtatrabaho doon sa permanenteng manggagawa ng parehong kumpanya. Ang premium o bayad sa insyurans ay pinaghahatian 50% ng kumpanya at ng empleyado, subali't maaaring magkaiba ang halaga nito dahil depende ito sa tinatanggap na buwanang sahod at bonus ng manggagawa. Dumaraan sa kumpanya ang pagbabayad ng premium o buwanang bayad sa insyurans.

2. Pensiyon para sa Mamamayan (Kokumin nenkin)

Para sa mga hindi kasapi ng Pensiyon para sa mga Manggagawa, maaari namang sumapi sa Pensiyon para sa Mamamayan. Ang halaga ng premium o buwanang bayad sa insyurans ay walang kinalaman sa kinkita ng indibidwal at dapata lamang mag bayad ng 14,660 yen (taong 2009) kada buwan. Kung ang kinikita ay maliit o kaya'y nahihirapang magbayad ng premium, maaaring malibre sa pagbabayad ng buo o bahaging halaga kung hihilingin ito. Para higit na kaalaman hinggil dito ay mangyari lamang na magsadya sa tanggapan ng Pension Section ng munisipyong inyong kinabibilangan.

3. Lump Sum Withdrawal Refund System

Mayroong withdrawal refund system sa pensiyon para sa mga Mamamayan (Kokumin nenkin)at Pensiyon para sa mga Manggagawa (Kousei nenkin). Ito ang sistema kung saan ay maaaring makuha ng dayuhan ang lump sum withdrawal refund kung siya ay nagbayad ng mahigit sa anim(6) na buwan habang siya ay nasa bansang Hapon, Ito ang sistema na maaaring makuha o maibalik ang ibinayad kung mag aaplay ng lump sum withdrawal refund sa loob ng dalawang taon simula ng umuwi siya sa sariling bansa. Para sa higit na kaalaman tungkol dito ay mangyari lamang na magsadya sa tanggapan ng Social Insurance Office, Pension Section sa munisipyong inyong kinabibilangan.